PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga pangako na ibinigay Niya sa atin, na lagpas pa sa hangganan ng ating mga buhay. Pasalamatan Siya sa pagiging tapat sa Kanyang mga pangako.
- Hingin sa Diyos ang pananampalataya na hihigit pa sa hangganan ng iyong buhay. Ipanalanging magtitiwala ka na patuloy na panghahawakan ng susunod na henerasyon ang mga ipinangako ng Diyos ngayon.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya at kaibigan, kung sila man ay may mga pangakong pinanghahawakan mula sa Diyos. Ipanalangin na magkaroon sila ng radikal na pananampalataya.

NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

BEYOND

Pananampalataya na Lalagpas sa Hangganan ng Ating Buhay

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong maalala ng mga tao tungkol sa iyo? Magkuwento tungkol dito.
- Maituturing mo ba ang sarili mo bilang isang taong nakaka-impluwensiya sa iba? Bakit oo o bakit hindi?
- Madalas ka bang maituring bilang isang tao na maaasahang gawin ang mga gawaing ipinagkakatiwala sa iyo? Bakit oo o bakit hindi?

WORD

Dahil sa pananampalataya, sinabi ni Jose nang malapit na siyang mamatay na aalis ang mga Israelita sa Egipto, at ipinagbilin niyang dalhin nila ang mga buto niya kapag umalis na sila. **MGA HEBREO 11:22**

Si Jose ay nasa dulo na ng kanyang buhay nang ibigay niya sa mga Israelita ang habilin na dalhin ang kanyang mga buto sa pag-alis nila. Ang ginawang ito ni Jose ay nagpakita ng dakilang pananampalataya: pananampalataya na ang mga ipinangako ng Diyos sa mga Israelita ay matutupad, at lalagpas pa sa hangganan ng kanyang buhay.

1 Pananampalataya sa mga Pangako ng Diyos para sa Susunod na Henerasyon

Dahil sa pananampalataya, sinabi ni Jose nang malapit na siyang mamatay na aalis ang mga Israelita sa Egipto, at ipinagbilin niyang dalhin nila ang mga buto niya kapag umalis na sila. **MGA HEBREO 11:22**

(Basahin din ang **GENESIS 50:24-26.**)

Nang magbigay si Jose ng habilin sa mga Israelita tungkol sa kanyang mga buto, nabanggit niya ang lupain na ipinangako sa kanila ng Diyos. Ang lupain na ito ay ipinangako sa magkaka-ibang henerasyon at ipinangako ng iisang Diyos sa mga ninuno ng Israel na sina Abraham, Isaac, at Jacob (Genesis 50:24). Nananampalataya din si Jose na ito rin ang pangako ng Diyos sa mga susunod pang henerasyon, kahit pa hindi na niya makikita ang katuparan ng pangakong ito. Ang pangakong ito ay lalagpas sa hangganan ng kanyang buhay, at maipapasa sa mga henerasyong darating. Bilang patunay ng pananampalatayang ito, hiniling niya sa mga Israelita na isama nila ang kanyang mga buto kapag dumating na ang oras ng katuparan ng pangako ng Diyos. Ano ang mga bagay na hinahangad mo na lalagpas sa hangganan ng buhay mo?

2 Pananampalataya sa mga Pangako ng Diyos sa pamamagitan ng Susunod na Henerasyon

Dahil sa pananampalataya, sinabi ni Jose nang malapit na siyang mamatay na aalis ang mga Israelita sa Egipto, at ipinagbilin niyang dalhin nila ang mga buto niya kapag umalis na sila. **MGA HEBREO 11:22**

Sa paghahabilin niya ng kanyang mga buto sa kanila, ipinakita ni Jose ang paniniwala niya na ipagpapatuloy ng mga susunod na henerasyon ng mga Israelita ang pananalig at paghahangad ng mga ipinangako ng Diyos sa kanila, gaya ng ginagawa niya, at gaya ng ginawa ng mga ninuno nila. Hindi ito nakasalalay sa kung makikita ba nila o hindi ang katuparan ng mga ipinangako, kundi sa katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang mga pangako. Naniniwala ka ba na ipagpapatuloy ng susunod na henerasyon ang mga hangarin at pangakong ibinigay sa iyo ng Diyos?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na dapat kang manampalataya sa Diyos lamang? Tinanggap mo na ba si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Kung hindi pa, gusto mo bang ipanalangin ito ngayon?
- Ang pananampalataya mo ba sa mga pangako ng Diyos ay lalagpas sa hangganan ng buhay mo? Sa araw-araw mong paghahangad sa Diyos, isulat at ipanalangin ang mga pangako ng Diyos na gusto mong angkinin hindi lamang para sa iyong sarili kundi para rin sa susunod na henerasyon.
- Nagtitiwala ka ba na ipagpapatuloy ng susunod na heherasyon ang mga hangarin at pangako na ibinigay sa iyo ng Diyos? Ano ang ilan sa mga paraan na magagawa mo upang ipasa sa susunod na henerasyon ang mga hangarin at pangako sa iyo ng Diyos?